ISSN-2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.47 | Marso 30-Abril 5, 2020 | P10.00



**CATRIONA GRAY,**
**Tuloy ang apela sa publiko para sa panalangin**
pahina 9

## Sa panahon ng COVID-19...

# "WAG ISUMBAT BINIBIGAY NA TULONG O PAGKAIN"

pahina 2

## Social distancing, pinuna...

# 'SANA MAY CODING SA PALENGKE NG NOVELETA'

p.5




**BOUNDARY** ng Cavite City at Noveleta sa Cavite. **RS**

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

*Sa panahon ng COVID-19…*

# "WAG ISUMBAT BINIBIGAY NA TULONG O PAGKAIN"

**SA kabila ng mabigat na pasaning kinakaharap ng mga awtoridad na nakatalaga sa mga checkpoint bunsod ng COVID-19 ay may pagkakataong nakakaranas ang mga ito ng ilang hindi magandang pakikitungo sa motorista.**

"Ginagampananan namin ang trabaho, napapagod din kami pero hindi iniinda dahil sa tawag ng tungkulin," pahayag ng pulis-Cavite na itinago ang pagkakakilanlan.

Sa pag-iikot sa mga nadaanang checkpoint ng sumulat nito sa ilang bahagi o lugar sa Cavite, batay sa panayam ay smooth o maayos naman ang pagtatrabaho ng mga pulis at militar dahil mas nakakarami ang sumusunod sa mga patakaran.

Gayunman ay mayroong napagwi subalit hindi pinahintulutang makapasok o makadaan sa checkpoint.

Ito ay dahil walang maipakitang katibayan upang paraanin kaya humantong sa panunumbat.

Ipinamukha sa pulis ang ibinigay na mga pagkain (food packs) kasabay ng animo'y pangongonsensiya.

"Nagpapasalamat kami sa lahat ng nagbibigay ng tulong o suporta subalit hindi maaaring gamitin o gawing dahilan iyon upang basta na lamang magpaparaan sa checkpoint. Kaya sana naman ay 'wag isumbat ang binibigay na mga pagkain," pahayag ng pulis. **ROMY SANTOS**

# DOLE 4A releases P3.6M cash aid for workers in the private sector

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)** --The Department of Labor and Employment (DOLE) CALABARZON has released a total of P3,660,000.00 for the P5,000 cash aid for workers in the private sector temporarily displaced by the implementation of the Luzonwide enhanced community quarantine (ECQ) to contain the spread of coronavirus disease (COVID)-19.

About 732 workers from 32 private establishments in CALABARZON are the 1st batch of beneficiaries of the cash aid granted thru the COVID-19 Adjustment Measures Program (CAMP), a safety net program of the government to cushion the effect of ECQ to workers in private establishments that adopted flexible work arrangement (FWA) or temporary closure.

"We are really fast tracking the processing of applications for CAMP to give financial support as soon as possible to workers whose companies either implemented FWAs or had to close temporarily due to the government's lockdown order to stop the spread of COVID-19," DOLE IV-A Regional Director Henry John S. Jalbuena said.

The financial assistance, according to Jalbuena, will be directly released to the employees' payroll account through bank transfer while for cash payroll, it shall be received through money remittance.

All affected workers in private establishments regardless of their status: permanent, probationary, and contractual are entitled to the CAMP P5,000 cash aid.

Documentary requirements such as application form, fully accomplished Establishment Report Form (ERF), and company payroll for the month of February 2020 or earlier must be submitted thru email to the DOLE provincial offices nearest to your location. **(CPGonzaga, PIA 4A with report from DOLE-CALABARZON)**

# Mag-ate, live in ni bunso buking sa modus operandi

**BUKING** ang modus operandi ng mag-ate at live-in partner ng isa sa magkapatid nang nagkutsabahan upang ilusot ang mahigit P2K halaga ng grocery items sa loob ng pinapasukang grocery store sa Dasmarinas City, Cavite.

Kasong qualified theft ang isinampa laban sa magkapatid na Ma. Theresa, 19, cashier ng SM Hyper Mart; at Trisha Mae Maqui, 20, estudyante; at ang live-in parner ng una na si Gene Oleary, 25, clerk sa nasabi ring grocery store at pawang residente ng Block 13 Lot 18 Brgy San Dionisio , Dasmarinas City, dahil sa reklamo ni Jennifer Villegas, 38, lady guard ng Silang, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Gilbert Santos, ng Dasmarinas City Police Station, napansin ni Villegas ang tila may iregularidad na ginagawa si Ma Theresa at Gene sa Lane No. 13 ng SM Hypermart sa Brgy Buro 1 Dasmarinas City, kung saan sila nagtratrabaho.

Ayon kay Villegas, nagkunwari umanong namili si Trisha Mae at pagdating sa casher lane nang napansin nitong ipinapunched ni Theresa ang ilang pinamili ng kanyang kapatid habang ang iba ay idinederetso sa eco bag ni Gene.

Paglabas ni Trisha Mae ay sinita ni Villegas at hiningi ang resibo ng ilang items na kanyang pinamili subalit wala itong naipakita dahilan upang arestuhin ang tatlo

Narekober kay Thrisha Mae ang tinatayang P2,074 halaga ng grocery items.

Sa pulisya, nalaman na sina Ma Theresa at Trisha Mae ay magkapatid habang live-in partner naman ng una si Gene. **GENE ADSUARA**

# Bakod ni Pastora, Sinunog dahil sa pangaral

**NAGALIT** matapos na pangaralan sa kanilang bisyo, sinunog ng dalawang obrero ang bakod ng bahay ng isang Pastora sa Tanza, Cavite.

Nakakulong sa Tanza Municipal Police Station ang suspek na sina Randy Pactoranan, 32; at Eddie Cedra, 47, kapwa obrero at residente ng Brgy Punta 1, Tanza, dahil sa reklamo ni Gelinda Genova, 49, may-sawa, ng Purok 8 Block 29 Lot 1 Blooming Groove Subd., Brgy Punta 1, Tanza.

Sa ulat ni Pat John Paul Cruz, ng Tanza Municipal Police Station, dakong ala-1:30 ng madaling araw nang sinunog ng mga suspek ang bahagi ng bakod sa bahay ng biktima.

Bukod sa bakod, sinunog din ang 7 pirasong mga gulong at 20 paleta na pag-aari ng biktima.

Ayon kay Cruz, bago ang panununog ay pinanagralan umano sila ng biktima hinggil sa bisyo nilang pagdo-droga subalit minasama ng dalawa na humantong sa kanilang mainitang pagtatalo.

Ayon sa ilang saksi, nakita umano nila ang mga suspek na paikut-ikot sa lugar bago sinunog ang bakod ng biktima.

Kasong Arson ang isinampa laban sa dalawa. **GENE ADSUARA**



**INIUTOS** ng kauupong district director ng Manila Police District na si BGen. Rolando Miranda ang cleaning and disinfecting sa loob at paligid ng opisina ng MPD Press Corps kamakailan bilang tugon sa COVID19. **CHRISTIAN HERAMIS**



**BUWIS-BUHAY** din ang mga garbage collector sa panahong ito ng COVID-19. Kuha ito sa isang lugar sa Noveleta, Cavite. **ROMY SANTOS**




**ANG** mga papalabas ng Cavite City ay dumaraan din sa mahigpit na interogasyon ng mga awtoridad. **ROMY SANTOS**

# USAP LANG
JUNE BILLONES
0929-8127638

## 'Di nakikita si Hesus?

PARA sa mga kapatid na kristiyano, sino ang makakapagsabing nakita na si Jesus?

Maaaring sa pamamagitan ng imahe ay masasabing nakita na si Hesus.

Hindi naman malaking usapin kung tunay nga bang nakita na si Hesus o hindi.

Ang pinakamahalaga ay ang paniniwala na mayroong Hesus.

Pero hindi sapat ang paniniwala na mayroon ngang Hesus bagkus ay ang pagtalima.

Naniniwala kang mayroong Hesus subalit paano mo ipapakita at gagawin ang paniwalang iyan?

Sa pamamagitan ng pagsunod bilang pagpapakita ng paniniwala at pananampalataya kay Hesus, tama po ba?

Sa kasalukuyan tayo po ay patuloy na inaatake ng coronavirus.

Hindi nakikita ang coronavirus, kagaya ni Hesus na hindi rin nakikita.

Pero naniniwala ka na mayroong Hesus? Pero naniniwala ka na mayroong coronavirus?

Simple lamang po, kung naniniwala ka na mayroong Hesus ay lalapit ka sa Kanya at hindi lamang pakikinggan sa halip ay susundin ang mga ipinaguutos dahil ito ay para sa iyong kabutihan at kaligtasan.

Naniniwala kang may coronavirus pero hindi ka lalapit sa kanya.

Hindi siya (coronavirus) si Hesus para lapitan bagkus ay kailangang siya ay iyong lalayuan.

Ikaw na sa sarili mo o tayo na sa ating sarili ang gagawa ng mga kaukulang hakbang upang itong si coronavirus ay ating lalayuan.

Kung mahihirapan ka sa paglayo sa coronavirus ay nangngahulugan na mahirap din sa iyo ang paglapit kay Hesus.

Ang mahalagang ilalagay sa isipan ay tanging si Hesus lamang ang kinakailangang nilalapitan.

Itatak sa utak na ang coronavirus ay mistulang demonyo na karapat-dapat na nilalayuan.

Kung ang bawat isa ay magiging ganito ang aspeto o pananaw ay hindi kailanman maghahari ang demonyong coronavirus.

Sa nangyayaring delubyo sa ngayon ay nariyan ang iba't ibang katanungan, hinaing at paghingi ng saklolo.

Hindi naman masama ang magkomento subalit marahil ay mas makakabuti o makakatulong kung magandang suhestiyon.

Hindi panahon ng awayan, siraan at pahusayan...panahon ngayon ng pagkakaisa at pagdadamayan.

Ulitin natin, hindi mo nakikita si Hesus pero alam mo na nariyan na dapat ay nilalapitan.

Hindi mo nakikita si coronavirus subalit alam mo na nariyan na dapat ay nilalayuan.

Paano lalapitan si Hesus? Paano lalayuan si coronavirus?

Alam mo iyan sa iyong sarili kung paano.



# 2-BAGAY LANG 'YAN
ni Rudy Bonifacio

## PAGLILINAW LANG PO? Usec .MARTIN DIÑO

Covid -19 Epidemya ng bayanihan " sagot sa pagtutulungan at hindi pagsisihan. .marami po kasing nadidismaya na mga civilian at higit sa lahat ang mga barangay Opisyal " Ang tanong saan naman nadidismaya "?

Mawalang galang na po Usec Martín Dino ito ang mga patsustsada ng mga ilang barangay na kung saan ay Panay daw po pa interview ninyo na parang lahat po ng barangay opisyal ay makasalanan na at sangkot sa mga sinasabi po ninyong may mga anomalya.

Bawat announcement po ninyo sa tiwali ng ilang barangay Opisyal ay maari po bang mapangalan kung maari ay nasa list of Corruption at may anomalya / Walang iniwan sa ginagawa ng ating Pangulo na may kaakibat na listahan na sangkot sa droga diba po ba

Ang Punto po dito ay maliwanagan ng mga ka.Barangay natin na hindi naman lahat

Kasi di umano ay parang ke sama-sama ng images ng mga barangay na.hindi naman nasasangkot sa mga patsustsada ni Usec. Hindi naman masamang isiwalat kung kinakailanagan

Subalit dapat lang naman po ay maging Klaro sa Masa.

Bagamat may Ilan naman talagang matitigas ang ulo ng mga barangay Opisyal ay tanggap po ng Ilan na.makasuhan talaga.

Ang alam nga po ng mga ilang barangay na matitino Naman ay ang DILG for Barangay Affair ang kanilang kakampi at taga ayuda kasi nga po barangay affair / Uulitin ko lang din po karapatan ng Opisyales ng DILG ang magsiwalat sa mga anomalya ng Barangay Chairman / Kagawad Pero po Sana nasa Tamang proseso at hindi po idadaan sa sa paninisi lamang po at naway ang Barangay na halal ng bayan ay narerespeto at hindi sila inapoints ng Pangulo .

Uulitin po natin ito ang bukas na paglilinaw lang po.

Salamat po muli po Salamat sa mga tagapagtangkilik ng babasahing ito.

Suhestyon lang po 09491825301/ email sa (rudybonifacio1966@gmail.com) Salamat po Babbbu!!!!

# EDITORYAL

## Walis-tingting

**MAY panawagan para sa pagkakaisa at pagtutulungan kaugnay ng kinakaharap na suliranin sa COVID-19.**

**Isantabi muna kung ano man ang partido-pulitikal kahit man lamang sa panahong ito.**

**Lubhang mahalaga ang pagbubuklod na parang sa isang walis tingting.**

**Nararapat na kumpleto o buo upang matibay at ganap na mawalisan ang dumi o kalat.**

**Hindi nakikita ang virus subalit kung ang walis tingting ay mayroong matibay na pundasyon ay malaki ang pagkakataon para sa panalo nito.**

**Panalo ng pulitiko ay panalo para sa publiko kaya sana ay mamayani ito.**

**ADVERTISING RATES**

**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**

**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# CL police launches Food Bank project

**CITY OF SAN FERNANDO, Pampanga (PIA)** -- Police Regional Office 3 launched its Food Bank project initially meant to collect food for families severely affected by the Enhanced Community Quarantine.

"We have partnered with national government agencies, private companies and other stakeholders to facilitate the cycle of food donations," Police Regional Director PBGen. Rhodel Sermonia said.

Donations of non-perishable and much needed food items are systematically categorized and stored in available spaces which are in close proximity to evacuation centers within the region.

"We hope to raise tons of food to distribute to our communities who are doing it tough these trying times and we encourage everyone to make a difference by participating in this project," Sermonia added. **(CLJD-PIA 3)**

# AYAW PUMIRMI SA BAHAY; 13 SABUNGERO, INARESTO

**AYAW sa bahay pumirmi, sa kulungan nagkoquarantine ang labintatlo katao na inaresto na sa kabila ng pinapairal sa enhance community quarantine at social distancing ay nagsagawa pa ng tupada sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite.**

Sina Bonifacio Rogudo, 54; Harry Anthony Macapagal, 36; at Rogelio Fajardo, 68, pawang residente ng Brgy. Cabuco, Trece Martires City, Cavite ay ika-quarantine sa loob ng Trece Martires City Custodial Center matapos na nahuling nagsasagawa ng tupada dakong alas-8:30 ng umaga sa loob ng Phase 5 Southville, Bgry Cabuco habang sa Dasmarinas City Custodial Center naman magko-quarantine sina Roberto Bernardo, 60, ng Brgy Sampaloc 4 Dasmarinas City; Alberto Java, 51, ng Brgy Victoria Reyes Dasmarinas City; at Efren Rosales, 63, ng Brgy Victoria Reyes Dasmarinas City na hindi naniniwala sa social distancing matapos na nag-ipun-ipon sa Bgry Victoria Reyes at nagsagawa ng tupada habang sina Wilfredo Dollate, 52; Ronald Castillo, 45; Joey Benecio, 44; Herman Sargento, 55; Michael Aquino, 22; Roger Saran, 59; at Domingo Binan, 64 ,pawang residente ng Bacoor City ay sa Bacoor City Custodial Center ididiretso at iko-quarantine matapos na nahulian na nagsasagawa ng tupada sa Garnet St., Green Valley, Brgy. San Nicolas 3, dakong alas-1:00 ng hapon.

Samantala, 53 katao naman ang inaresto sa paglabag sa curfew at liquor ban kung saan 23 dito ay sa Naic; 19 sa Indang, 7 sa Bacoor City at 4 sa Cavite City. **GENE ADSUARA**

# DOF, BOC, NGAs implements order for clearance of relief consignments during State of Calamity

THE Department of Finance, Bureau of Customs, and other National Government Agencies have signed the Joint Administrative Order No. 01-2020 which tackles the clearance of relief consignments entered during a state of calamity, providing a mechanism for the expedited release of Relief Consignments while embodying transparent procedures in the processing of the same.

The JAO, signed last March 16, 2020, is effective starting last Saturday, March 21, 2020 after its complete publication in a newspaper of general circulation.

During a state of calamity, donated or leased relief consignment, including equipment, entered shall be exempt from payment of duties and taxes.

In order to avail of the privilege, the donations of relief consignments must satisfy provided conditions.

Food, medicines, medical supplies, clothing and other in-kind donations must be donated only to a Qualified-Donee (government institution, or private entity accredited by respective government agency), must be imported only during a state of calmity, and must be for free distribution or use of the affected population while equipment and materials for shelter must be intended for specific calamity-affected area during operations and be leased only to government institutions or accredited private entities.

The Philippine International Humanitarian Assistance Reception Center - One-Stop-Shop (PIHARC-OSS) Facility shall be adopted as the facilitation center for relief consignment including the issuance of documents and entitlement of entry as Relief Consignments and their expedited release from customs custody.

As for the processing at the One-Stop-Shop, the Donor, Donee or its duly authorized representatives shall inform the PIHARC-OSS, thru the Department of Foreign Affairs, the incoming donation prior to arrival of the shipment. Upon receipt of the documentary requirements, the OSS shall issue the Relief Consignment Supplemental Form which serves as proof of entitlement to tax and duty exemptions and clearance, if necessary, for release.

The Bureau shall then process the release of Relief Consignment under the following simplified clearance procedure.

The facilitated Relief Consignments shall not be allowed entry for consumption into the domestic territory unless the proper duties, taxes and other charges have been paid and equipment which are not re-exported within the prescribed period or for which no payment of the proper duties, taxes and other charges has been made, shall be proceeded against in accordance with exisitng provisions.

Unless the PIHARC-OSS is activated by the NDRRMC, processing of Relief Consignments entered during a local state of calamity as declared by the local sanggunian shall follow the regular procedures in the processing of donations, including application for the requisite permits and licenses from the concerned regulatory agencies and the Tax Exemption Indorsement (TEI) from the DOF.

The copy of the JAO 01-2020 is available at the BOC website, http://customs.gov.ph/wp-content/uploads/2020/03/JAO_Relief_Consignments.

---

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Branch 90**
**City of Dasmariñas, Cavite**

**MARIE SHELBY G. PINZA,**
Petitioner,

-versus-

**SP.PROC. NO. DC-1136-19**
**For: CANCELLATION AND CORRECTION OF ENTRY IN THE BIRTH CERTIFICATE OF SOPHIA MARIE SAHIB PINZA KHAN,**

**SAHIB ULLAH KHAN & THE CITY CIVIL REGISTRAR OF THE CITY OF DASMARIÑAS, CAVITE,**
Respondents.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**O R D E R**

This verified petition for the cancellation and correction of entry in the Birth Certificate of Sophia Marie Sahib Pinza Khan was filed on February 28, 2019 by the above-named petitioner, through counsel, praying that, after due notice, publication and hearing, judgment be rendered directing the City Civil Registrar of the City of Dasmariñas, Cavite to make the following cancellations and corrections in the certificate of live birth (Registry No. 2013-8012) of **SOPHIA MARIE SAHIB PINZA KHAN:**

| | FROM | TO |
|---|---|---|
| Entry No. 1: | Sophia Marie Sahib | Sophia Marie Pinza |
| Entry No. 14: | Sahib Ullah Khan | Unknown |
| Entry No. 15: | Indian | N/A |
| Entry No. 16: | Islam | N/A |
| Entry No. 17: | Front Officer Supervisor | N/A |
| Entry No. 18: | 28 | N/A |
| Entry No. 19: | B10 L18 St. Mary's Home City of Dasmariñas | N/A |
| Entry No. 20a: | May 12, 2013 | N/A |
| Entry No. 20b: | Muscat, Oman | N/A |

Finding the instant petition to be sufficient in form and substance, this Court hereby sets the hearing thereof at the Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Brgy. Burol 1, Congressional Road, Dasmariñas, Cavite, on **April 22, 2020 at 8:30 in the morning**, whereby any interested persons may appear and show cause, if any, why the petition should not be granted.

Let copy of this Petition and this Order be published, at the expense of the petitioner in a newspaper of general circulation, which will be raffled by the Regional Trial Court Branch 90, City of Dasmariñas, Cavite, among the duly accredited newspaper in the Province of Cavite, before the scheduled date of hearing, at least once a week for three (3) consecutive weeks.

Likewise, let a copy of this Order be posted by Sheriff Alvaro D. Mijares of this Court, at the expense of the petitioner for a period of thirty (30) days prior to the date of hearing in the Bulletin Board of the RTC of Dasmariñas City and Bulletin Board of Dasmariñas City Hall.

Let the Office of the Solicitor General and Local Civil Registrar of Dasmariñas City, Cavite, be furnished with copies of the Petition and of this Order.

SO ORDERED.

City of Dasmariñas, Cavite, January 23, 2020.

**HELEN B. CONSTANTINO-BALBUENA**
**Assisting Judge**

/ofgs

**Cc**:

**Marie Shelby G. Pinza & Shelby Ullah Khan**
Blk. 10, Lot 18, St. Mary's Home
City of Dasmariñas, Cavite

**Atty. Marian O. Dupal-ag**
Counsel for the Petitioner
2/F Rm. 2 LKC Bldg., Don P. Campos Ave.
City of Dasmariñas, Cavite

**Office of the Solicitor General**
134 Amorsolo St., Legaspi Village
Makati City

**Office of the City Civil Registrar**
City of Dasmariñas, Cavite

**Alvaro D. Mijares**
Sheriff
RTC, Br. 90, Dasmariñas City
Cavite

**Publication: HANEP** March 30, April 6 & 13, 2020

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 17**
**CAVITE CITY**

**IN THE MATTER OF THE ADOPTION OF MINOR MARCELINE S. BALTAZAR**

**SP. PROC. NO. N-9187**
**For:** Adoption

**MRS. MARCELINA V. BALTAZAR**
Petitioner,
x-----------------------------------------------x

**O R D E R**

A verified petition has been filed by **MRS. MARCELINA V. BALTAZAR**, praying that after due notice, publication and hearing, judgment be rendered:

a) **Declaring** the minor child **MARCELINE SACAPANO BALTAZAR** for all legal intents and purposes, the child of herein petitioner, Marcelina V. Baltazar:

b) **Adjudging** said minor child free from all obligations of obedience to her natural mother JOCELYN SACAPANO; and,

c) That thereafter the adopted child use and carry "VELACION" the maiden name surname of petitioner and retain the surname BALTAZAR.

It appearing that the petition and its attachments are sufficient in form and substance, hearing of this petition is set on **April 28, 2020** at **1:30 p.m.** on which date, hour and place, interested parties are cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation in the province and city of Cavite, once a week for three (3) consecutive weeks before the scheduled date of hearing.

The DSWD Social Worker is hereby ordered to prepare the Child and Home Study Reports and to conduct counselling sessions with the biological mother of the minor on the matter of the latter's adoption by the petitioner. The Child and Home Study Reports shall be submitted before the date of hearing.

Let copy of the petition and of this Order be furnished the Solicitor General, the Department of Social Welfare and Development, and the DSWD Social Worker concern.

**SO ORDERED**

Given this 10th day of February, 2020, Cavite City, Philippines

**ROWENA R. MOJARES-AREVALO**
Presiding Judge

**Publication: HANEP** March 30, April 6 & 13, 2020

***Social distancing, pinuna...***

# 'SANA MAY CODING SA PALENGKE NG NOVELETA'

**HINDI nakaligtas sa paningin at pagpuna ng ilang mamimili ang umano'y hindi nangyayaring social distancing sa palengke ng Noveleta, Cavite.**

Sa mga nakapanayam, anila ay sumusunod naman sila subalit mas nakararami ang hindi.

"Dumidistansiya ka at hinihintay matapos ang naunang bumibili pero bigla ay may mga nagsusulputan kaya hayun at nagkakadikit-dikit na," pahayag nila.

Batid nila umano na marami ang matitigas ang ulo subalit sila ay naniniwala na ito ay maaaring masolusyunan.

"Bakit hindi magkaroon ng parang coding, iyon bang may ipapatupad na takdang araw ng pamimili ang bawat barangay."

"Ilan ba ang barangay sa Noveleta, siguro ay hati-hatiin para malimitahan ang mga namamalengke," suhestiyon ni Michelle Bonggat, residente ng Barangay San Rafael 4.

Ani Bonggat, dapat ay may mangangasiwa at magbabantay sa pagpapatupad nito at kailangang tiyaking iisa lamang ang entry at exit ng palengke.

"Iyon siguro ang puwedeng sagot dahil alam naman nating marami ang hindi disiplinado. Gawin sana ng Noveleta LGU," dagdag pa ni Bonggat.

Si Bonggat sa kabila na medyo maraming ipinamili ay mag-isa lamang nagtungo ng palengke gamit ang kanyang single motorcycle.

"Isa po ako sa sumusunod sa social distancing, may nadaanan nga ako minsan na matandang babae na naglalakad at may mga bitbit. Naaawa ako at gusto ko man iangkas sa motor ay hindi ko ginawa dahil nga sa social distancing," sabi pa ni Bonggat.

Dahilan ito upang ipaabot ni Bonggat at nga iba pang mamimili kay Mayor Dino Reyes Chua na sana ay mamayani ang social distancing sa palengke. **ROMY SANTOS**



Noveleta Market. **RS**

# SC conducts tracing as employee tests positive for Covid-19

**MANILA** – The Supreme Court (SC) has started tracing those who came in contact with one of its employees who tested positive of the coronavirus disease 2019 (Covid-19).

In a message to reporters, SC spokesperson Brian Keith Hosaka said the employee, who works at the office of Associate Justice Amy Lazaro-Javier, got tested on March 19 and was confirmed positive for the virus based on test results released on Tuesday (March 24) as per the Bacoor City Health Office in Cavite.

"We immediately informed and got in touch with all court personnel who may have had contact with the said staff of Justice Amy Lazaro-Javier. So far, they are all okay and in good health," he said.

The staff, who has no travel history, last reported for work on March 12 and had a fever until March 18.

Her office immediately had undergone disinfection on March 13.

Contact tracing is ongoing as the staff regularly takes Supreme Court Bus No. 8 to and from work.

"All our staff have been observing proper health and hygiene measures and self-quarantine since CJ's (Chief Justice Diosdado Peralta) announcement regarding modified work schedules. We are also in constant communication with OAS (Office of Administrative Services) for updates and contact tracing," a statement from Lazaro-Javier's office said. **(PNA)**

# Eastern Visayas police welcome new chief

**PALO, Leyte –** The Police Regional Office (PRO) 8 (Eastern Visayas) has welcomed Brig. Gen. Bernabe Balba as its new director, it was announced on Wednesday.

Balba took office on March 19, replacing Brig. Gen. Ferdinand Divina, who assumed his new designation as acting director for intelligence at the Philippine National Police (PNP) central headquarters in Camp Crame.

Before his new assignment, Balba served as director of the Manila Police District. He is a member of the Philippine Military Academy "Maringal" class of 1988.

As the new regional director, he reminded his team of the three basic Filipino values they should possess.

Each police officer, Balba said, must be neat and clean (not only in physical attributes but also in workplace and stations); must be respectful, humble, and prudent; and must be reliable.

No matter how big or small their contribution is to the police organization, it will still be part and parcel of the whole policing system, he added.

"It is my fervent honor to lead (the) regional office here. I know for a fact, that the police force in Eastern Visayas is resilient and reliable," Balba said.

With the current health crisis brought by the coronavirus disease 2019 (Covid-19), he urged his team and the public to work together and cooperate to minimize and prevent its spread in the region.

"Now that we are facing an emergency crisis, I have high hopes that we can overcome any trials. We are all in this together. My gratefulness also goes to our Lord Almighty for guiding me throughout this journey," he said.

Balba is under a 14-day quarantine after traveling by land through a private vehicle from Manila.

However, he continued to supervise his team and constantly gave instructions and updates through video conferencing.

The region has more than 8,000 police personnel assigned to the regional office and six provinces. **(PNA)**

# Driver, tigbak sa trak

**ISANG** 41-anyos na driver ang namatay nang nabangga ng truck habang nagbibisekleta sa Gen. Trias City, Cavite.

Isinugod pa sa Gen. Trias City Medical Center ang biktimang si Romeo Fronda, ng 438 Poblacion 1, Calatagan, Batangas subalit namatay din habang ginagamot.

Nasa kustodiya ng pulisya ang driver ng isang Sino Truck na may plakang NBR 2729 na si Reynaldo Abuan, may-asawa, ng Brgy Pasong Camachile 2 Gen. Trias City.

Sa ulat ni PSSgt Ernesto Angue Jr, ng Gen Trias City Police Station, dakong alas-9:30 ng umaga nang lumbas ang biktima at nagbibisekleta sa kahabaan ng NIA Road Brgy Pasong Camachile 2 nang mabangga ng minamanehong truck ni Abuan na pag-aari ng RU Construction ang Development Corp.

**GENE ADSUARA**




**BUMISITA** sa mga checkpoint si Lt. Gen. Guillermo Eleazar, PNP deputy chief for operations at commander ng Joint Task Force Corona Virus Shield, at kabilang ang Bacoor City, Cavite sa binisita nito kamakailan. **BOIE JOSUE**




**DELIKADO PERO BAHAGI NG TRABAHO:** Ito ang pahayag ng mga frontliners ng Barangay Potol, Kawit, Cavite. **ROMY SANTOS**

# The Body Shop's Coastal Clean-up with Planet CORA

Conscious of the social and environmental problems the society of today exposes its inhabitants, The Body Shop has been one of the pioneers of sustainability. With that, it constantly seeks for new projects in order to help the world we live in.

In the Philippines, as well as the rest of the world, piles of our mismanaged wastes wind up on our shores. Plastics and other non-biodegradable wastes may be low-cost and convenient but they stay long in our environment and may kill marine animals as they mistaken plastics for food. Single-used plastics such as plastic straws, plastic bottles and plastic bags are big contributors to pollution.

In line with this, The Body Shop Philippines partnered with Planet CORA a non-profit organization dedicated in protecting the planet in gathering almost 200 volunteers for a Coastal Cleanup in Las Piñas Parañaque Critical Habitat Eco-Tourism Area (LPPCHEA). This cleanup helped in physically reducing wastes as well as creating awareness and inspiration for the volunteers to instill change in their lifestyles. A total of 2.29 tons of waste were collected in just a span of two hours wherein majority of the collected were plastic bottles.

The Ocean Cleanup with Planet CORA is just one of the many advocacies of The Body Shop Philippines.

**About The Body Shop**

The Body Shop was founded in 1976 by Dame Anita Roddick in Little Hampton, England. The beauty brand pioneered corporate activism and was built on a philosophy that business can be a force for good. With its brand expression, Beauty with Heart, the company continues to be focused on five core values: Against Animal Testing, Support Community Fair Trade, Activate Self Esteem, Defend Human Rights and Protect The Planet.

All products are created using the finest ingredients sourced from the four corners of the globe, which are not tested on animals and are 100% vegetarian. The Body Shop has been in the Philippine market for eighteen years with over 55 strategically located stores nationwide.






Planet CORA founder **Antoinette Taus** and Cleanup volunteer **Yassi Pressman.**



**Yassi Pressman** has given her time and strength to help curb our waste problem.




**Antoinette Taus** with the little eco hero **Dianelle Mikaella.**



**Joey Mead King**, who has always been passionate in beating the alarming rise of plastic pollution, joined the group in this endeavor.

# SM, NAGBAHAGI NG TULONG SA MGA EMPLEYADO AT HEALTH WORKERS




**SA hinaharap na krisis na sanhi ng COVID, ang kapakanan ng mga empleyado ay pangunahing layunin ng SM.**

Sa panahon ng Enhanced Community Quarantine mula March 17 hanggang April 12, 2020, ang mga empleyado ay makakatanggap ng kanilang karampatang sahod. Hindi rin mababawasan ang kanilang Vacation at Sick Leaves.

Ang mga Rank and File hanggang Department Managers na patuloy na nagtatrabaho sa mga bukas na tindahan sa lugar na apektado ng quarantine at doon sa mga bumubuo ng skeletal force na mahalaga o "crucial" sa pagpapatakbo ng negosyo ay bibigyan ng karampatang premium pay.

Nagbigay rin ng tulong ang SM sa mga kawani ng mga kumpanyang patuloy na nagseserbisyo sa SM katulad ng mga security guards at janitors. May pahatid tulong din ito sa mga promodizers.

"Sa panahon ng pagsubok na ating kinakaharap, kailangan nating pahalagahan ang ating frontliners at ibigay ang kanilang pangangailangan upang maprotektahan sila at ang kanilang pamilya, nang patuloy silang makapagsilbi sa ating komunidad," pahayag ni Hans Sy na kumakatawan sa pamilyang Sy.

Ang SM Group ay nag-allocate din ng P100M tulong para sa protective equipment, testing kits, disinfectant, para sa mga health workers.

**ANNOUNCEMENT:**

In support of the government's efforts to fight against the spread of COVID-19, SM City Bacoor, SM City Molino and SM Center Imus will be closed starting March 24, 2020 until further notice.

However, those establishments offering basic necessities will remain open.

SM CITY MOLINO

**STORE HOURS**

Starting March 24, 2020 until further notice

**SM HYPERMARKET, GF**
843-2125
9 AM – 6 PM

**WATSONS, GF**
(046) 474-3022
11 AM – 7 PM

**BDO, GF**
(046) 474-3041 – 45
10 AM – 3 PM
(MONDAY – FRIDAY)

**LBC, 2F**
(046) 474-3058
11 AM – 5 PM

Your Safety Matters

SM CITY MOLINO

**RESTAURANTS TO REMAIN OPEN**

Starting March 24, 2020 until further notice

FOR TAKE OUT ONLY
11 AM – 6 PM

**S&R PIZZA, GF**
(046) 519-1780

**PIZZA HUT, GF**
(046) 484-4760

Your Safety Matters

SM CENTER IMUS

**STORE HOURS**

Starting March 23, 2020 until further notice

**SM SUPERMARKET**
MONDAY - SUNDAY
9:00 AM – 6:00 PM

**DGMC**
MONDAY - SUNDAY
11:00 – 7:00 PM

**WATSONS**
MONDAY - SUNDAY
11:00 AM – 6:00 PM

**BDO**
MONDAY - FRIDAY
10:00 AM – 3:00 PM
SATURDAY
10:00 AM – 12:00 PM
*Closed on Sunday

**ALFAMART**
MONDAY - SUNDAY
9:00 AM – 5:00 PM

**LBC**
MONDAY - SUNDAY
11:00 AM – 5:00 PM

Your Safety Matters




## GOLDBAR, NAKAREMATE!

Sa pambungad na takbuhan na ginanap sa karerahan ng Metroturf nung nakaraan ay mahusay na pinaremate sa may tabing balya ng hineteng si Dong Villegas ang sakay niyang kabayong si Goldbar upang lagpasan ang nasa unahan niyang kalaban na si Watermania na sakay ni Unoh Hernandez. Sa kasunod na takbuhan ay ipinakita naman ng hineteng si Amon Raquel Jr. na patok sa grupong nalabanan ang sakay niyang kabayo na si Jawo. Walang hirap naman na sinibat sa gawing labas ang outstanding favorite na si Calbayog ni Elvin Abrea habang nagkapanabayan ang dalawang nagdikta ng harapan na sina Palaui Island at Good Reason sa isang maiden race. Muling naipakita ng kabayong si Probinsiyano ang kanyang galing sa labanan lalo na't siya ang nagdikta ng tulin sa banderahan. Nakapitas din ng panalo ang liyamado sa lahat na si Early Bird at naging maganda ang nagawang pagdadala sa kanya ng hineteng si Unoh Hernandez kung ikukumpara dun sa nauna na si Alan Pare ang may dala. Dahil din sa totohanang pagpapatakbo kay Huckleberry ng sakay niyang si Unoh Hernandez ay nakasungkit na sila ng panalo. Hindi na nag- aksaya pa ng panahon ang hineteng si Amon Raquel Jr. na maikuha kaagad ng magandang puwesto ang sinakyan niyang kabayo na si Beyond D' Sea upang hindi na makaporma pa ang kanilang mga nakalaban. Bumanderang tapos ang tersera liyamado na si Marahuyo na sinakyan ni Ryan Garcia at dahil sa lakas ng ayre sa unahan ay hindi na nagawa pang makalagpas ng dehadong si Tabing Ilog ni King Flores. Pinatunayan naman ni apprentice rider Rico Suson na patok din ang sakay niyang kabayo na si Lady Of Peace sa kanilang nalabanan. Sa pinakahuling karera ay kakaibang galing ang ipinakita ng kabayong si Kaka And Bachi sa kamay ng hineteng si Jesse Guce na tumapos ng tiyempong 1:24.2 (13'-23-23-25) para sa distansiyang 1,400 meters




# Pinuno ng POC na imungkahi ang pre-Christmas SEAG 2021

Ang pangulo ng Philippine Olympic Committee (POC) na si Bambol Tolentino ay nagsabing ang POC ay maghahabol sa Vietnam Olympic Committee (VOC) na gaganapin sa susunod na taon ng Timog-silangang Mga Larong Asyano bago ang Pasko. "Inirerekumenda namin na ang Vietnam ay nagho-host sa 31st SEA Games sa huling bahagi ng taon tulad ng atin," sinabi ni Tolentino sa isang pahayag. Idinagdag niya na ang panukala ay ginawa upang ang lahat ng mga bansa sa Timog Silangang Asya ay magkakaroon pa rin ng sapat na oras upang lumipat mula sa Tokyo Olympics, na na-post sa 2021, sa SEA Games. Noong nakaraang taon, ang Pilipinas ay naghost sa SEA Games mula Nobyembre 23-Dis. 11, kabilang ang mga laro na ginampanan bago pormal na pagbubukas ng mga laro noong Nobyembre 30. Naunang itinakda ng VOC ang Nobyembre 21-Dis. 2 bilang panahon ng 2021 SEA Games, hadlang ang iskedyul ng palakasan na magsisimula bago pormal na pagbubukas. Pumayag si Tolentino sa mga petsa. "Susuportahan namin ang mga petsa," aniya. "Ang mga petsang iyon ay nagbibigay ng sapat na window mula sa Tokyo, na maaaring sa panahon ng Hulyo-Agosto." Ang VOC ay naiulat na naka-iskedyul upang matugunan ang iba pang pambansang komite ng Olympic ng iba pang mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa Mayo 20-21 sa Hanoi upang opisyal na ipakita kung paano maganap ang SEA Games. Gayun paman, walang pormal na pag-anunsyo kung magpapatuloy ito bilang naka-iskedyul o hindi dahil sa pandemya na may sakit na coronavirus, na nakaapekto sa Tokyo Olympics. Bukod sa Pilipinas at Vietnam, ang iba pang mga miyembro ng SEA Games ay kinabibilangan ng Brunei, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Singapore, Thailand at Timor-Leste.



# Mga laro ng PBA Kanselado dahil sacoronavirus 2019

Pinalawak ng Philippine Basketball Association ang break na ipinataw nito sa lahat ng mga koponan patungkol sa mga kasanayan at iba pang aktibidad na nauugnay sa liga dahil sa kalagayan ng coronavirus 2019 (Covid-19). "Kaugnay ng kasalukuyang kalagayan ng bansa, ang Office of the Commissioner ay pinalawak ang lahat ng mga miyembro ng mga koponan ng dalawang linggong pahinga mula sa mga kasanayan, scrimmages, at iba pang mga kaugnay na aktibidad ... hanggang sa karagdagang paunawa," sinabi ni Commissioner Willie Marcial sa isang memorandum. Ilang araw matapos niyang ipagpaliban ang Philippine Cup, ipinataw ni Marcial ang pahinga mula sa pagsasanay, Ngunit sa Luzon sa ilalim ng isang pinahusay na quarantine sa pamayanan, nagpasya ang komisyonado na palawakin ang pahinga hanggang ang mga pandemikong Covid-19. "Hinihiling namin ang iyong buong pakikipagtulungan at pagsunod at hinihikayat ang lahat na manatiling maayos at malusog sa mga lilim at kaligtasan ng kanilang mga tahanan," dagdag ni Marcial. Ang liga ay naglaro lamang ng isang solong laro hanggang ngayon sa conference-opening conference, ang match ng San Miguel-Magnolia, bago ipagpaliban ang mga laro.



# Tokyo Olympics 2020 Pinagpaliban

Ang Summer Olympics na orihinal na naka-iskedyul sa taong ito ng Tokyo ay opisyal na ipinagpaliban noong kamakailan. Ang desisyon ay sinang-ayunan ng International Olympic Committee president na si Thomas Bach at Japanese Punong Ministro na si Shinzo Abe sa isang tawag sa kumperensya sa iba pang mga opisyal ng IOC at ang Tokyo 2020 Organizing Committee bilang coronavirus disease 2019 (Covid-19) pandemic na patuloy na lumalaki. "Sa mga kasalukuyang kalagayan at batay sa impormasyong ibinigay ng WHO (World Health Organization) ngayon, ang pangulo ng IOC at ang punong ministro ng Japan ay nagpasya na ang Mga Laro ng XXXII Olympiad sa Tokyo ay dapat na naayos na sa isang petsa na lampas sa 2020 ngunit hindi lalampas sa tag-araw 2021, upang mapangalagaan ang kalusugan ng mga atleta, ang lahat na kasangkot sa Mga Larong Olimpiko, at pang-internasyonal na pamayanan, "ang pinagsamang pahayag ng IOC at ang Tokyo 2020 Organizing Committee ang siyag pinagbasahan. Bago ang anunsyo, ang parehong IOC at Abe ay nagpahiwatig na ang pagpapaliban ng quadrennial meet, na orihinal na naka-iskedyul mula Hulyo 24 hanggang Agosto 9, ay magiging maaasahang pagpipilian sa puntong ito. Sinabi ni Abe na ang pagkaantala sa mga laro ay maaaring ang tanging paraan upang neutralisahin ang Covid-19 sa kabisera ng Hapon. Pagkatapos sinabi ng miyembro ng IOC na si Dick Pound na ang kanyang samahan ay nagpasya na ipagpaliban ang mga laro. Ang pagpapaliban ay ginawang pormal sa tawag sa kumperensya. "Ipinakita ni Pangulong Bach at Punong Ministro Abe ang kanilang ibinahaging pag-aalala tungkol sa pandaigdigang pandemic ng Covid-19, at kung ano ang ginagawa nito sa buhay ng mga tao at ang makabuluhang epekto nito sa paghahanda ng mga pandaigdigang atleta para sa mga laro," pinagsamang pahayag ng kung ano ang nangyari sa tawag sa kumperensya, na inilarawan bilang "napaka-friendly at nakabubuo." Ang parehong mga pinuno ngayon ay tiningnan ang pulong bilang bahagi ng muling pagtatayo ng mundo na gagawin pagkatapos ng pandemya. "Ang mga pinuno ay sumang-ayon na ang Mga Larong Olimpiko sa Tokyo ay maaaring tumayo bilang isang beacon ng pag-asa sa mundo sa panahon ng mga kaguluhan na ito at na ang apoy ng Olimpiko ay maaaring maging ilaw sa dulo ng tunel kung saan matatagpuan ang mundo sa kasalukuyan," ang pahayag na binasa. Sa kabila ng teknolohiyang naging 2021 Olympiad, ang opisyal na pangalan ng Tokyo Summer Olympics at ang kasunod na Paralympics, Olympic at Paralympic Games Tokyo 2020 ay mapangalagaan.



**PBA AKSYON -** MAKIKITA sa larawan ang maaksyong tagpong ito ni Jun Mar Fajardo ng san Miguel Beer na tumugma naman ang kanyang pahinga sa iniindang injury. Bunsod naman sa paglaganap ng pandemic Covid2019 sa bansa kung saan ay inihayag ni PBA Commissioner Willie Marcial tuluyan pang pagpapaliban ng laro para sa mga koponan upang manatiling ligtas ang mga manlalaro sa nasabing sakit. **(RGN)**



**BOARD MEETING PACC -** PINANGUNAHAN ang unang board meeting ni (PACC) Philippine Arbiters Chess Confederation President IA/NA International Arbiter/National Master Wilfredo Neri , sa harap ng kanyang mga opisyales na sina Vice President Luzon IA International Arbiter / Reden Cruz, Visayas NM/NA Rodolfo Toledo, Mindanao IA International Arbiter James Infiesto, Secretary WFM Women Fide Master / National Master Michelle Yaon / Women National Master / National Master Jemima Valdez, Treasurer National Arbiter Dr. Fred Paez, Auditor National Arbiter Cyril Telesforo, Board of Directors NM / NA Rudy Ibanez, NM/IA Elias Lao Jr.,NA Hanz Tutica, NA Erwin Tabor, Joseph Delos Santos. Chief of Constitutional Committee NA Byron Villar, habang itinalaga naman bilang mga adviser sina GM Eugene Torre at GM Jayson Gonzales makaraang ganapin ang Induction of ceremony sa Max Restaurant, Bahay Toro Mindanao Avenue Quezom City. **(RGN)**




# CATRIONA GRAY, TULOY ANG APELA SA PUBLIKO PARA SA PANALANGIN



**ANG ating bansa ay kabilang sa nakakaranas ng matinding pagsubok.**

Grabeng dagok dahil sa nararanasang pananalasa ng coronavirus disease-19.

Hindi naman direktang tinukoy ni dating Miss Universe Catriona Magnayon Gray ang COVID-19.

Pero patuloy pa rin ang apela ni Catriona sa publiko para sa taimtim na panalangin.

Naniniwala siya na ang taus-pusong dasal kaakibat ang tunay na pagkakaisa ang mabisang sandata.

Nabanggit lamang ni Catriona ang tungkol sa mabilis na progreso o pagbabago sa kailangang bakuna.

Ramdam niya ang sentimyento ng masa partikular ang maralita lalo at nasa sitwasyong lockdown tayo.

Alam ni Catriona ang pakiramdam ng lahat na takot sa kasalukuyang sitwasyon.

Isang pagkakataon marahil ito upang itindig ang kalidad ng bawat pamilya.

Tumugon nawa tayo sa apela ng 26-anyos na half Australian beauty.

Si Catriona na tubo sa rehiyon ng Bicol ay tinanghal bilang 2018 Miss Universe.

Pang-apat siyang Pinay na nakasungkit ng naturang korona o titulo.

@@@

**GOOD JOB VICE**

Speaking of COVID-19 ay marami sa industriya ng showbiz ang nagkaloob ng kanilang mga ayuda.

Kabilang na riyan si Vice Ganda na nagbigay ng personal protective equipment (PPE).

Ang kanyang donasyon ay nakarating sa Lung Center of the Philippines, Quezon City General Hospital at Philippine Children Medical Center, pawang sa Quezon City.



Sa Maynila naman ay ang San Lazaro Hospital, sa Sta. Cruz.

Ang kahun-kahong ipinamahagi niya ay naglalaman ng N95 masks, medical disposable gloves, safety goggles, alcohol at disinfectant sprays.

Good job Vice!

@@@

**'PUHON' ONLINE CONCERT**

Heto pa, ngayong Marso 27 ng ikapito ng gabi ay ang nakatakdang "Puhon" online concert.

Sa pamamagitan ito ng Ben&Ben Band na ang layunin ay makalikom ng pondo para pa rin sa COVID-19.

Ang mga fans ay maaaring magpaabot ng donasyon na pambili ng gamit ng mga health workers.

Puwede rin ang inspirational messages na magmumula sa mga fans upang bigyang lakas loob ang mga tinatawag na fontliners.

Dahil sa umiiral na social distancing kaya sa bawat bahay ng mga miyembro ng banda sila tutugtog at mapapanood sa kanilang facebook account.

Benepisaryo rito ang University of the Philippines-Manila National Institute of Health, Vicente Sotto Memorial Medical Center, One Nation Against COVID-19 Project, CDO COVID Donation Drive at Pantawid-Covid Project.




**(Ika-52 labas)**

**KUMUKUHA** ng tiyempo si Cecile para makapagsalita at masabi ang kanyang nais ipagtapat.

"Ang sabi mo ay 'di mo anak si Jane, ibig sabihin ay sugar daddy ka lamang niya."

Tumango lamang si Ramil at hinihintay ang gustong ipagtapat sa kanya ni Cecile.

"Si Bernard ay 'di ko pamangkin, hindi ko siya kaanu-ano o kamag-anak."

Sa narinig ay alam na alam na kaagad ni Ramil na si Cecile ay sugar mommy lamang ni Bernard.

"Hindi ako papayag na mapupunta lamang si Jane 'dun kay Bernard."

Medyo matagal na naghari ang katahimikan matapos ang ginawang pagtatapat ni Cecile at kasunod ay si Ramil ang unang nagsalita.

"Katulad mo, 'di rin ako papayag na si Bernard ay kay Jane lamang mapupunta."

Pareho ang pasya at paninindigan nina Cecile at Ramil.

Kapwa hindi sila makakapayag na ang kani-kanilang mga batang lovers ay mawawala sa kanila.

Kaya naman ang ginawa ng dalawa ay naging mahinahon ang pag-uusap upang makagawa ng mga tamang hakbang.

Nagkasundo sina Ramil at Cecile na hindi muna paiiralin ang kanilang mga galit.

Dapat ay magiging kalmado lamang sila pareho para sa kanilang mga binabalak.

Naghiwalay sina Ramil at Cecile na plantsado ang kanilang mga plano.

Dumaraan ang mga araw na mistulang walang ano mang mga pangyayari.

Tuloy lamang ang mga maliligayang sandali nina Jane at Barnard.

Ang mga nakaw na pagkikita at pamamasyal nina Bernard at Jane ay nagpatuloy.

Dahil tila nananaig ang pagmamahalan kina Jane at Bernard ay hindi nila alintana ang kanilang kapusukan.

Hindi rin nila halos napapansin ang ilang pagbabago kagaya ng pagiging maluwag sa kanila nina Cecile at Ramil.

"Tama, ganyan din ang sinabi sa akin."

**(Sundan)**




**(5)**

"**LOLA** makikiusap po sana ako, binata na po ako ngayon kaya baka pwedeng 'di na sa loob ng kwarto ko matutulog pa si Lea."

Tumuntong ng kolehiyo si Mikel subalit patuloy pa rin niyang kasama si Lea sa kanyang silid.

Pero matigas ang paninindigan ng kanyang lola kaya wala naman siyang magawa.

Dumating na ang panahon na isa nang ganap na binata si Mikel, disi-otso anyos na siya.

Nasa hustong gulang na kaya katakut-takot na pakiusap ang kanyang ginagawa.

"Pasensya ka na apo pero 'di ko mapapagbigyan ang 'yung hinihiling sa akin."

"Kelangan mo pa ring may kasama sa kwarto na magbabantay at titingin sa 'yo."

"Ginagawa ko ito para sa kabutihan at kaligtasan mo kaya sana naman ay maunawaan mo at 'wag kang magagalit sa lola ha."

Ngayong kahit nasa tamang edad na at dahil binata na ay labis ng nakakaramdam ng pagkahiya at pagkailang si Mikel.

Asiwa si Mikel sa pagkilos sa loob ng kanyang silid lalo at naroroon si Lea.

Ang usapan o trabaho lang naman talaga ni Lea ay kailangang nasa loob na siya ng kwarto ni Mikel kapag matutulog na ang binata.

Pero mula ng magsimula sa trabaho ay nakasanayan na ni Lea na mas mamalagi sa silid na iyon.

Palibhasa nga ay mayroong sariling kama si Lea roon pero malayo naman ang distansiya sa kama ni Mikel.

Lumakas pa lalo ang loob ni Lea dahil sa utos nga ng lola ni Mikel na huwag pababayaan ang kanyang apo.

Ilan sa nararamdamang pagkailang ni Mikel ay kapag medyo late ang uwi niya galing ng campus.

May sariling banyo sa loob ng silid at maliligo si Mikel pero paglabas ay suot na dapat ang pamalit na damit.

Kumbaga ay dala na iyon sa loob ng banyo at hindi siya makalabas na nakatapi lamang ng tuwalya.

Kasi nga ay naroon na sa loob ng kwarto si Lea at prenteng-prente sa pagkakahiga sa kama.

"Ayoko…ayoko sabi eh… Ayoko…'Wag… 'Waaaaaggggg……"

**(Itutuloy)**

# COVID-19 MARAMING BINAGONG PAG-UUGALI

## (Artikulo ni Leonard Basilio)

**TILA** Kakaiba ang ka COVID-19,Ang dami mong binago sa isang iglap.

- Ang daming mong pinaluhod para manalangin sa Panginoong Dios na lumikha kasi madami ng nakakalimot.
- Binuo mo yung pamilya na minsan lang kumain sa hapag kainan ng samasama.
- Napapirmi mo ng bahay yung mga anak na sakit ng ulo ng kanilang mga magulang sa sobrang layas at gala.
- Natutong uminom ng kalamansi juice o anumang fruitjuice yung mga hilig ay softdrinks para lumakas ang immune system.
- Nalimit ang kumustahan ng mga magkakamaganak pati na nga magkakaibigan... malayo man o malapit.
- Mga may bisyo ng alak, sigarilyo at droga pati na sugal ay parang napipigilan mong gawin nila.
- Pinakilala mo din samin kung sino-sino yung mga may pusong tumulong at hindi mapagsamantala. Isama na ang mga politikong namumulitika pa kesa makiisa sa pagtulong para mapuksa ka.
- Nababawasan na din ang pollution sa hangin kasi walang na halos bumibyaheng truck at jeep na smoke belcher.
- Madami ang napipilitang maglakad kasi walang pampublikong sasakyan. (10,000 steps/day is good for the body)
- Ang gustung gusto kong ginawa mo ay madami kang tinakot para madami ang makarealize kung pano pahalagahan ang kalusugan. Madami na gustong kumain ng gulay at prutas. Kinamumuhian na ng iba ang pagkain ng mga exotic foods na akala nila sikat ka kapag nagawa mo.

COVID-19 kahit nakakatakot ka... kahit bad ka sa katawan ng tao... totoo pala I see the good in the bad.

Kapag dininig na ng Amang Dios sa langit ang dasal namin na alisin ka na... sana wag mo isama sa pagalis mo yung mga magagandang epektong dala mo sa buhay namin.

**Bye, COVID-19!**
**In God we trust.**

# BOC Encourages Use of Online Systems during ECQ

IN its bid to promote transparency in government dealings and ensure efficient delivery of customs services, the Bureau of Customs issued Customs Memorandum Order No. 08-2020 which provides the guidelines on the implementation of Zero Contact Policy at BOC's Assessment Offices.

The order applies to all clients dealing with BOC such as Licensed Customs Brokers, declarants, importers, customs broker's representatives, and other stakeholders which covers the processing of goods declaration filed with the assessment offices, stakeholder engagement meetings, and other events and activities.

Under the CMO, documents to be filed with the Bureau must be submitted in hard and electronic Portable Document Format (PDF). Only PDF file type shall be accepted for electronic copies and each document must be submitted as a separate file.

The hardcopy of the goods declaration and the corresponding attachments may be submitted to the Customer Care Center (CCC), or Entry Processing Unit (EPU) or equivalent unit if CCC is not yet operational at the concerned Port. Soft copies of the scanned documents on the other hand may be submitted either thru the Customer Care Portal System (CCPs) or in an external drive (e.g. USB flash drive) to be delivered with the hard copy.

Stakeholders may verify the status of their goods declaration at any time using the Goods Declaration Verification System (GDVS) links or thru the CCPS by opening a ticket and providing the Goods Declaration Reference No. (Entry No.), Consignee name, and other importation details as required. Only one ticket per goods declaration number is allowed, otherwise duplicate tickets will be closed.

Through the CCPS, the stakeholders may also open an appointment ticket by selecting "Appointment" in the system as the help topic only for valid reasons and still subject for BOC's approval. This may include personal appearance to witness physical examination, request for visits which will be subject to the approval of the District Collector and upon recommendation of the Chief FED. Other appointments include stakeholder engagement meeting and other official events and activities within the BOC premises.

Those with approved appointments shall inform the Customer Care Center or the ESS personnel on-duty of the ticket number for verification in the system and for issuance of an Access Pass ID. No stakeholder inside the Assessment Area is allowed except for those with approved appointment ticket and Access pass ID.

Finally, an alternative link will be provided to the importer/ declarant as a backup system where they may follow-up or inquire on the status of goods declaration in the event of system malfunction or links becomes inaccessible.

The copy of CMO 08-2020 is available at the BOC website, http://customs.gov.ph/wp-content/uploads/2020/03/cmo-08-2020-ZeroContactPolicy.

# Pautang ng DA, 1 taon ang moratorium

**LUNGSOD NG CALAPAN, Oriental Mindoro (PIA)** – Isang taon na pansamantalang isususpinde ang pagbabayad sa mga programang pautang ng Department of Agriculture – Agricultural Credit Policy Council (DA-ACPC) ang ipinapatupad ng ahensya bunsod ng Enhanced Community Quarantine na naka-apekto sa kita ng mga magsasaka at mangingisda.

Aabot sa 2.3 bilyon ang kabuuang halaga ng pautang sa ilalim ng programa ng ACPC at nasa 77,375 na magsasaka at mangingisda ang tinatayang makikinabang sa nasabing moratorium sa buong bansa.

Alinsunod sa deklarasyon ni Pangulong Rodrigo Duterte na isailalim ang buong bansa sa "state of calamity" sa loob ng anim na buwan dahil sa banta ng COVID-19 at sa direktibang Enhanced Community Quarantine, maraming magsasaka at mangingisda ang nalugi sapagkat hindi nakapagbenta ng kanilang mga ani.

Bunsod nito, ang mga partner-lending channels ng ahensya ay binibigyan din ng DA-ACPC ng isang taong palugit para sa pagbabalik ng mga pautang sa mga magsasaka at mangingisda na nakapaloob sa moratorium.

Inilunsad ng Department of Agriculture ang naturang moratorium noong Marso 16, 2020 na maaaring aplayan ng mga magsasaka at mangingisda; magtatapos ang moratorium sa Marso 16, 2021. **(LC/PIAMimaropa/Calapan)**

# DA appeals to LGUs: Buy farmers' produce for food packs

**QUEZON CITY (PIA)**-- Amid the growing demand for food pack distribution, Agriculture Secretary William Dar once appeals to local government units down to the barangay level to source out produce from local farmers.

"On top of distributing canned goods and processed products, we urge our LGUs to prioritize buying fresh produce from our farmers. It's a win-win situation for both consumers and producers," Dar said.

Aside from providing sure market to farmers, Dar said farm products are nutritionally beneficial in strengthening the human immune system against COVID-19.

"This is the time to help our farmers sell their produce while we promote healthy consumption in Filipino households. The food supplies can actually come from the provinces, thus minimizing movement from one location to another," Dar said.

LGUs nationwide have started distributing food packs to aid families with critical need for food supplies, especially those who are under quarantine and cannot go out of their houses.

"We are coordinating with the DILG to enhance our food delivery system and strengthen the implementation of the programs that we already put in place for the purpose," Dar said.

The Department of Agriculture (DA), through its Kadiwa ni Ani at Kita Program, links LGUs in metro areas to farmer-producers in different parts of the country to ease the logistical arrangement of food supply delivery and distribution.

The Kadiwa offers two modes of distribution to LGUs in metro areas.

Under mode 1, the DA will directly link LGUs of metro areas to food producers and facilitate delivery. For mode 2, the DA will link LGUs and producers to deliver items to identify dropoff points. For both modes, LGUs will sort and pack the items for delivery to households.

"We are ready to assist our LGUs in metro areas to ensure our stable food supply throughout the country. As much as possible, let's do it within our communities where supplies are already available," Dar said.

The agri chief reiterates the importance of ensuring the unhampered movement of food commodities, as well as agri-fishery products, inputs, activities and personnel in the food value chain.

"We can't be complacent now. Cooperation, coordination, and understanding of each other's plight can go a long way. Let's help each other, consumers and producers alike," Dar said. **(DA/PIA-NCR**

# 2020 budget needs to be 'adjusted' to address Covid-19

**MANILA** – The 2020 national budget should be "adjusted" to better address the coronavirus disease (Covid-19) outbreak in the country, Cabinet Secretary Karlo Nograles said on Monday.

Nograles justified President Rodrigo Duterte's decision to seek for additional powers to carry out the urgent measures such as realigning any appropriation in the 2020 General Appropriations Act (GAA).

Admitting that the government did not anticipate a pandemic while drafting the 2020 budget a year before, he said the current budget is no longer "appropriate" to respond to government's efforts to fight the coronavirus.

"Kaya nga po kailangan natin ng adjustments para matugunan natin ang pangangailangan ng ating kababayan (That is why we need adjustments to address the needs of our citizens)," he said in a Laging Handa public briefing.

He said Duterte is hoping for "flexibility" to make budget realignments that concentrate on Covid-19 response, but it will be up to Congress whether to grant him additional powers or not.

Nograles also said the items in the 2020 national budget could also be used to augment the depleted funds of local governments.

On March 21, Duterte issued Proclamation No. 933 asking Congress to pass a law authorizing him to exercise powers necessary to carry out urgent measures to meet the current national emergency related to Covid-19.

"The declared national policy is to stop the spread of the coronavirus that threatens the public safety. To implement the same, there are urgent measures that the President may need to effectively thwart the proliferation of Covid-19," Presidential Spokesperson Salvador Panelo said in a statement.

Under the proposed measure, Duterte may also cancel programs, projects, or activities for purposes of generating savings and reprogram, reallocate, or realign savings within the executive department to address the Covid-19 pandemic.

It also gives him power to immediately procure goods which may include personal protective equipment (PPE); lab and medical equipment; testing kits; lease of property or venue for use to house health workers or serve as quarantine centers, medical relief and aid distribution locations, or temporary medical facilities.

The country is currently under a state of public health emergency and a state of calamity with nearly 462 confirmed cases of Covid-19 and 33 deaths.

President Rodrigo Duterte placed the entire Luzon under an enhanced community quarantine which strictly requires residents to stay indoors and limit movement to accessing basic necessities. **(PNA)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**PHILIPPINE SAVINGS BANK,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-028-20**

-versus-

**SPS. ROWENA Q. CALLO (Atty.-in-Fact) and EDWIN L. CALLO**
Mortgagors
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for sale under Act 3135, as amended by by Act 4118, filed by Mortgagee, PHILIPPINE SAVINGS BANK, with business address at PSBank Center, 777 Paseo de Roxas corner Sedeño Street, Makati City against the Mortgagors, **SPS. ROWENA Q. CALLO (Atty.-in-Fact) and EDWIN L. CALLO** with residence and postal addresses at Blk. 138, Lot 1, Ph4, Tierra Nevada Homes, San Francisco, General Trias, Cavite and/or Block 65, Lot 61, Bel Aldea, San Francisco, General Trias Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of February 3, 2020 amounts to **FIVE HUNDRED TWENTY SIX THOUSAND FIVE HUNDRED EIGHTY THREE PESOS and 20/100 (P526,583.20),** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **June 3, 2020** at 10:00 o´clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, the following described the property with all the improvements thereon, to with:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2017052141**

A parcel of land (Lot 61, Blk 65 of the cons-subd plan, Pcs-04-011869, being a portion of the cons of Lots 2680-G-3 to 8, all of (LRC) Psd-222174, Lot 2680-J (LRC) Psd-101732; Lot 2680-H, I and K, all of Psd-33619, LRC Rec. No.) Situated in the Brgy. of De Fuego, Mun. of Gen. Trias, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 63, Blk. 65; on the SW., along line 2-3 by Road Lot 59, (10.00 M. Wide); on the NW., along line 3-4 by Lot 59; on the NE., along line 4-1 by Lot 62, BOTH OF Blk. 65, all of cons-subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. x x x containing an area of **FORTY ONE SQUARE METERS AND FORTY EIGHT SQUARE DECIMETERS (41.48), more or less x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on June 10, 2020 without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Matires City, March 10, 2020.

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

Copy Furnished:
**CHUANICO SALGADO GORDOVE & ASSOCIATES**
Counsel for the Mortgagee
4th Floor PSBank Center Bldg.
No.777 Paseo de Roxas Avenue for Sedeña St.
Makati City

**SPS. ROWENA Q. CALLO and EDWIN L. CALLO**
Blk. 138, Lot 1, Ph4, Tierra Nevada Homes, San Francisco, General Trias, Cavite
Block 65, Lot 61, Bel Aldea, San Francisco, General Trias Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**Publication: HANEP** March 16, 23 and 30, 2020

***2 dayuhan, 5 Pinoy; timbog…***

# MILYONG HALAGA NG DISPOSABLE MASK, NASABAT

**TINATAYANG P1.3 milyon halaga ng disposable face mask ang nasabat at pagkakaaresto sa isang Chinese at Malaysian national at 5 Pinoy nilang kasamahan sa isang entrapment operation sa Carmona, Cavite.**

Kinilala ang mga naaresto na sina Hasan Meahar Asana, 43, Chinese-Filipino na sinasabing supplier; Lai Geou Tee, 28, Malaysian national at isa ring supplier; at ang mga Pinoy na sina Ma. Anelia delos Reyes, 60, nagsisilbing financier; Micah Salvador, 27, isa ring financier; Vanessa Zolayvar, 35, nagsisilbing ahente; Dennie Realon, 29, ahente; at Bienvenido Alvarez, 52, ambulance driver.

Sa ulat ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG)-Cavite, nag-ugat ang isinagawang pagsalakay dahil sa tawag ng isang concerned citizen hinggil sa isang Facebook account ng isang Vanesa Zolayvar na umano'y nagbebenta ito ng mga expired at overpriced na mga disposable na N88 facemask sa lugar sa Cavite.

Isang poseur buyer ng CIDG ang nagpanggap ng bibili kung saan tumawag ito sa cellphone ng nagbebenta at nagtanong ng presyo ng facemask kung saan nagkakahalaga ito ng P1,500 sa isang kahon na naglalaman ng 5 piraso.

Ayon sa CIDG, ang nasabing presyo ay mataas kumpara sa itinadhana ng DTI.

Dahil dito, ikinasa ang entrapement operation ng pinagsamang puwersa ng CIDG-Cavite, Cavite PPO, Carmona Munipal Police Station at DTI Cavite dakong alas-9:30 ng gabi sa Waltermart Mall sa Brgy Maduya, Carmona na nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek.

Narekober sa mga suspek ang 931 pirasong plastic packs na naglalaman ng 50 pirasong facemask; buy bust money, boodle money, 5 cellular phones at isang unit ng kulay puting Hyundai H-100 na may ambulance marking.

Kasong paglabag sa RA 7581 as amended by RA 10623 (Price Act), RA 7394 (Consumer Act of the Philippines), at RA 9711 (FDA Act of 2009) ang isasampa laban sa mga suspek. **GENE ADSUARA**

# PhilHealth ipatutupad ang InterimReimbursement Mechanism (IRM) sa ilalim ng Public Health Emergency

**UPANG** masiguro na patuloy na makapagbigay ng serbisyong medikal ang mga pasilidad sa panahon ng pandemic dulot ng COVID-19, ipapatupad ng PhilHealth ang Interim Reimbursement Mechanism (IRM).

Ang Interim Reimbursement Mechanism (IRM) para sa mga Health Care Institution (HCI) ay isang probisyon para magbigyan ng agarang tulong ang isang HCI na naapektuhan ng hindi inaasahang pangyayari (fortuitous event) at maipagpatuloy ang pagbibigay serbisyong medikal sa mga miyembro ng PhilHealth.

Upang magamit ang IRM, kinakailangang magsumite ang HCI ng sulat sa PhilHealth Regional Office (PRO) na nakakasakop sa kanila. Nakapaloob sa nasabing sulat ang paglalarawan ng epekto ng fortuitous event sa kanilang pasilidad.

Ang aplikasyon ng IRM ay dapat may lagda ng kanilang Medical Director/ Chief o kung sino man na awtorisadong kinatawan ng pasilidad na dadaan sa ebalwasyon ng tanggapan ng PhilHealth.

Magkakaroon ng isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng HCI at PhilHealth.

Ang pinal na pagaapruba sa IRM request ay manggaling pa rin sa Tanggapan ng Punong Presidente at Punong Tagapagpatupad ng PhilHealth. Gayundin, nakapaloob sa PhilHealth Circular 2020-007 na ang pinalalawig ang pagpapasa ng claims sa PhilHealth mula sa 60 araw hanggang sa 120 na araw mula sa petsa ng paglabas sa pagkaka-ospital ng pasyente. Binibigyan din ng exemption ang polisiya ukol sa 45 day confinement limit at Single Period of Confinement (SPC) kung mao-ospital sa ilalim ng fortuitous event.

Pinalalawig din ang validity ng akredistayon o ang pagapapasa ng aplikasyon ng akreditasyon ng mga health care provider sa ilalim ng naturang polisiya.

Para sa kumpletong impormasyon ukol sa PhilHealth Circular 2020-007, maaaring bumisita sa www.philhealth.gov.ph

# Binatilyo, tiklo sa street light

**WALANG** maisip na pagkakitaan, pinagtripan ng isang 16-anyos na binatiliyo ang isang street light na ibenta subalit naaktuhan ito ng mga barangay tanod sa Dasmarinas City, Cavite.

Nasa kustodiya ng Dasmarinas City Social Welfare Development ang suspek na si Natoy, ng Bulihan Silang, Cavite.

Sa ulat ni PMSgt Rolando Paulo Figueroa, ng Dasmaarinas City Police Station, dakong alas-6:50 ng Martes ng gabi nang naaktuhan ang suspek habang binabato hanggang sa natanggal ang isang LED street light sa kahabaan ng Niogan St., sa Greenwoods Subd., , Brgy Paliparan 1, Dasmarinas City.

Nauna rito, sinamantala ng suspek na tahimik na sa lugar dahil sa ipinapatupad na community quarantine kaya kumuha ito ng bato at pinuntirya ang isang LED light na nagkakahalaga ng P10,000 na nakakabit sa kahabaan ng lugar hanggang sa nalaglag ito.

Gayunman, tiyempo namang nagsasagawa ng pagpapatrulya ang mga barangay tanod ng Brgy Paliparan 1 na sina Dante Sarmineto at Ernie Dioquino na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek.

Ayon kay Figueroa, basag na yung LED light pero target ng suspek ang kaha ng lagayan ng LED na isang alloy na umano'y mahal kung ibenta ito. **GENE ADSUARA**

# HANEP

Basahin Mo Ito!

# 'QUARANTINE STYLE' NA SUGAL 8 KATAO "NA-PUSOY DOS"

**HINDI naniwala sa social distancing ang walong katao matapos na nagkumpulan sa isang lugar at naglaro ng pusoy dos sa Rosario, Cavite.**

Kasong paglabag sa RA 1602 ang kinakaharap ng mga inaresto na sina Jayson Guevarra, 33; Reynante Fancubit, 24; Domingo Dacoco Jr, 40; Jufren Pareno, 31; Romel Sarmineto, 35; Rex Gonzales, 35; Ricahrd Ferrer, 36; at Jayphy Facutla, 32; mga residente ng Brgy Silangan, Bucal at Tejeros Convention, pawang sa Rosario.

Sa ulat ni Corporal Lynard Pareja, ng Rosario Municipal Police Station, dakong alas-6:30 ng gabi nang nakatanggap sila ng tawag hinggil sa umano'y "pulong" ng ilang katao sa isang lugar sa Brgy Tejeros Convention at nang puntahan ng mga awtoridad ay naaktuhan ang mga suspek na naglalaro ng pusoy dos.

Narekober sa mga suspek ang barahang gamit at P1,284 cash na nagsilbi nilang taya.

Matapos ang kanilang pagkakaaresto, sinermunan pa sila ng awtoridad hinggil sa umiiral na Enhanced Community Quarantine at social distancing. **GENE ADSUARA**

# NCRPO gets more thermalscanners from SM malls for use in checkpoints



**CALOOCAN CITY (PIA)** -- The National Capital Region Police Office (NCRPO) has recieved an additional 100 thermal scanners courtesy of mall giant SM Supermalls for use in its checkpoints amid the enhanced community quarantine against COVID-19.

Mr. Almus J. Alabe, Senior Assistant Vice President, Customer Relations Service, Shopping Center Management Corporation lended the scanners to the police force in a simple ceremony where NCRPO Chief PMGen. Debold Sinas received the said items.

"The thermal scanners will be issued to different Districts to aid out police force in implementing inspections," Sinas said after graciously thanking SM for the assistance.

"Our thermal scanners are now being used by the NCRPO for their inspection areas. #TogetherAtSM, let's rise and help one another in this fight against COVID-19. We will rise as one. #HealPH," SM, for its part posted on Facebook.

To recall, the NCRPO has earlier appealed for more thermal scanners as the 56 chokepoints scattered around Metro Manila need such device to properly screen people going in and out of the country's capital.

"Ang counterpart kasi ng DOH sa local is city health officer ... baka meron sila doon, pakiusapan na puwede manghiram," Sinas said in an earlier interview.

NCRPO is also actively looking for suppliers who can provide for thermal scanners at affordable prices.

"We are looking for suppliers para bibili kami. Meron na kaming kinausap, mataas pa yun price ire-renegotiate namin," he said. **(PIA NCR)**




## Mahirap makulong o nakakulong

**PATULOY** ang pananalakay ng coronavirus at nagpapatuloy pa rin na ipinapakita at ginagawa ng marami ang katigasan ng ulo.

Talagang dapat patunayan ng pamahalaan na ang kaparusahan ay igawad sa mga sumusuway.

Kapag napatunayan, diretso sa piitan kahit sino pa man upang hindi pinamarisan.

Nabanggit natin ang piitan, batid natin ang matinding hirap na dinaranas ng mga preso.

Gawa ng kasalukuyang sitwasyon kaya hindi sila nadadalaw ng kanilang mga mahal sa buhay.

Tayo rin sa ngayon ay mistulang preso subalit ang malaking pagkakaiba ay hindi nahaharangan ng nakakandadong mga rehas.

Limitado man ang paglabas pero nakakalabas pa rin hindi kagaya ng mga bilanggo na talagang nasa loob lamang.

Kaya sabi nga sa ilang post sa social media ay ligtas ang mga preso sa COVID-19.

Maaaring tama gayunman ay huwag nating isantabi ang nararanasang matinding init ng panahon ngayon.

Hindi ba at may mga preso na binabawian ng buhay dulot ng sobrang tag-init.

Walang wastong bentilasyon na nagreresulta ng iba't ibang uri ng sakit pati allergy.

Eh paano naman ang nararamdaman nilang pagkasabik sa pamilya o kaibigan dahil bawal muna ang dalaw?

Mahirap talagang makulong o mahirap ang kalagayan ng nakakulong.

Nangyari nga sa loob ng New Bilibid Prisons (NBP) sa Muntinlupa City na isang preso ang nagamok dahil sa sinasabing sobrang pagkabugnot.

Namatay ang preso pero may napatay din siyang kapwa preso at pagkasugat pa ng ilang nasa loob ng maximum security compound.

Hindi naman iyon riot bagkus ay bigla na lamang nagwala at nanghabas ng saksak ang naturang preso.

Nilinaw ng Bureau of Corrections na labis na nainip ang presong iyon sa hinihintay niyang Good Conduct Time Allowance (GCTA).

Tandaan lamang na ang COVID ay magtatapos din at babalik ang lahat sa normal.

Balik laya tayong mga nasa labas subalit ang mga preso ay mananatili sa kulungan habang binubuno ang kanilang sintensiya.




**HAWAK-HAWAK** ang mga karatula ng mga tauhan ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) ng Paranaque City na nagsasaad na nanawagan sa publiko tungkol sa bantang Corona Virus (Covid-19) na sana ay manatilihi sa bahay na lang para iwas sa naturang sakit na nagaganap sa ating bansa. **(JIMMY HAO)**



**WALANG** kawala ang dalawang suspek na sina Ritchie Estares at Romy Llamera na nakumpiskahan ng 5 pirasong HeatSealed transparent plastic Sachet containing white crystalline subtances suspected to be shabu sa isinagawang Oplan Galugad ng mga tauhan ng PCP-6, Don Bosco sa Ilang-Ilang St., Seacom, Barangay Marcelo Green sa lungsod ng P'que. Naganap ang pagkahuli sa kasagsagan ng curpew. **(JIMMY HAO)**



**ANG** mga tropa ng pamahalaan sa kanilang pag-iikot at pagbabantay sa kahabaan ng Maceda St. Sampaloc, Manila. **RS**